慈濟快報
TZU CHI EXPRESS

Buddhist Tzu Chi Foundation, Philippines
76 Cordillera cor. Agno Sts., Brgy. Doña Josefa, QC
(632) 732-0001
Tzu Chi Great Love Campus
1000 Cordillera cor. Lubiran Sts., Bacood, Sta. Mesa, Mla.
(632) 714-1188; 714-2288
Jing Si Books & Café
Soler Tower, 1342 Soler St., Sta. Cruz, Mla.
(632) 733-3296
tzuchi_phils@ph.tzuchi.org
www.tzuchi.org.ph

1 Edisyon 42, Nobyembre 2016 Libreng Ipinamamahagi

"Hindi pa huli upang mapagyaman ang sarili at magsikap na umunlad." -- Master Cheng Yen

Pagmamahal at pagkalinga bumuhos sa mga Davaoeño

Sa panulat at kuhang larawan ni Jamaica Digo

Sa bawat isinasagawang serbisyong medikal ng Tzu Chi Foundation, hindi nagwawakas ang pagmamahal at pagkalinga sa mga pasyente matapos na malunasan ang kanilang karamdaman. Sa katatapos pa lamang na medical mission sa siyudad ng Davao, muli itong napatunayan nang mag organisa ng isang programa ang mga Tzu Chi volunteer para sa mga pasyenteng naoperahan sa kanilang luslos at goiter.

Ang ika-215 medical mission ng Tzu Chi sa Davao, na isinagawa mula ika-3 ng Nobyembre hanggang ika-6, ay naghandog ng libreng konsultasyon at lunas sa 7 departamento: General Medicine, Pediatrics, Dental, Optalmolohiya, Traditional Chinese Medicine, Minor Surgery, at Major Surgery.

Sa Major Surgery, 47 pasyenteng may luslos at goiter ang naoperahan ng libre. Isang pangkat ng mga volunteer na doktor, anestesista, at nars mula sa Maynila ang nagsagawa ng operasyon sa Metro Davao Medical and Research Center (MDMRC). Ang nasabing ospital ay nagpahiram ng ika-8 palapag ng kanilang gusali bilang suporta sa nasabing aktibidad.

Sa huling araw ng misyon isang post-operation check-up ang isinagawa. Bago nito, naghain ng almusal na tsamporado ang mga Tzu Chi volunteers para sa mga pasyente na nanatili sa ospital ng isang gabi upang mabantayan ang kanilang pagpapagaling.

Sa pagnanais na bigyan ng dignidad ang mga pasyente sa kanilang pag-uwi, pinunasan at sinuklayan ng Tzu Chi volunteers ang mga pasyente. Namigay din sila ng ang-pao na naglalaman ng basbas ng tagapagtatag ng Tzu Chi na si Master Cheng Yen.

Ang pasyenteng si Mary Joy Santillan na dinala ang kaniyang goiter ng limang taon ay napaiyak sa kagalakan.

"Napakasaya ko dahil may mga tao pa palang ganito kabait. Hindi nila kami iniwan. Hanggang matapos ang operasyon, nasa tabi namin sila," sabi ng 24 taong gulang na ina.

▲ Inihahanda ng mga Tzu Chi volunteer ang mga pasyente para sa kanilang pag-uwi. Bukod sa pagpunas sa kanilang mukha at kamay, maingat na sinuklayan din ng mga volunteer ang mga pasyente.

Napansin ni Santillan ang bukol sa kaniyang leeg matapos siyang manganak sa kaniyang panganay. Dalawa ang kaniyang naging anak. Dahil ang asawa niya ay kumikita lamang ng P250 kada araw mula sa pagkakabit ng mga tarpolin, ang P30,000 halaga ng isang operasyon ay hindi nila kayang bayaran. Kaya naman nang marinig ang tungkol sa libreng operasyon ng Tzu Chi, agad na nagpalista si Santillan.

Ilang araw matapos ito, hindi lamang siya naginhawaan sa kaniyang pasanin ngunit nakahanap pa siya ng bagong pamilya sa katauhan ng mga Tzu Chi volunteer.

Ngunit hindi lamang ang mga pasyente ang naging emosyonal matapos ang programa kundi maging ang mga volunteer ng Tzu Chi. Ang mag-asawang Te Boon Siong at Cresencia Te ay parehong puno ng pasasalamat na nagkaroon ng pagkakataong masaksihan ang paglaya ng mga pasyente mula sa kanilang mga karamdaman.

▲ Sa tulong ng mga volunteer na doktor at nars mula Maynila, ang serbisyong medikal na isinagawa ng Tzu Chi sa Davao ay nakapaghandog ng libreng operasyon para sa mga may luslos at goiter.

"Isa sa mga pasyente kanina ay umiiyak at sinabi niyang napakasaya niya na makita ang ginagawa ng Tzu Chi kaya napukaw din ang kaniyang puso. Sa susunod, sinabi niya na

(Sundan sa pahina 2)

Pagmamahal at pagkalinga ...

(Mula sa pahina 1)

▲ Lubos ang pasasalamat ni Mary Joy Santillan sa pagkakataong maoperahan ng libre at sa pagkalinga ng mga Tzu Chi volunteer hanggang matapos ang operasyon.

tutulong din siya sa ibang tao," sabi ni Cresencia.

Matapos ang programa, nagsimula ang mga doktor sa kanilang check-up.

Lubos ang kasiyahan ni Sherlie Salo nang makita ang repleksyon ng kaniyang leeg sa salamin. Matapos ang 12 taong pagtatago ng kaniyang goiter, ngayon ay handa na siyang humarap sa mga tao muli. Kasama ng bagong tiwala sa kaniyang sarili ay ang pag-asang makahanap ng mas maayos na kabuhayan upang suportahan ang kaniyang nag-iisang anak.

Labing-isang taon nang balo si Sherlie matapos mamatay sa prostate cancer ang kaniyang asawa. Siya na lamang ang naiwan upang magtaguyod sa kanilang anak na ngayon ay nasa kolehiyo na.

Ngunit ang kapansin-pansing bukol sa kaniyang leeg ay isang dagok kay Sherlie na makahanap ng magandang trabaho. Sa kasalukuyan ay tumutulong-tulong siya sa isang carenderia. Sa pagkawala ng kaniyang goiter, umaasa si Sherlie na mababago rin ang kanilang buhay.

"Minsan tinatanong ako ng anak ko: "Ma, masakit ba ang goiter mo?" Sinabi ko na lamang na kung minsan ay sumasakit. Ngunit minsan ay hindi. Tinitiis ko na lang. Kaya nagpapasalamat talaga ako na nandito ang Tzu Chi upang tulungan akong mawala ang goiter ko," sabi ni Sherlie, 48 taong gulang.

Binisita ng mga lokal na volunteer ng Davao si Sherlie matapos siyang makauwi mula sa ospital. Ang mag-ina ay naninirahan sa isang maliit na kwarto sa Barangay Aquino, Davao City.

Ang makita ang mga pasyenteng natulungan ng Tzu Chi sa kanilang sitwasyon sa buhay ay naghatid ng malalim na repleksyon sa magkaibigang Kristine Lao at Marjorie Wee na kapwa nag volunteer din sa misyon.

▲ Tumanggap din ng ang-pao ang mga pasyente mula sa mga Tzu Chi volunteer. Ang mga ang-pao ay sumisimbolo sa basbas ng tagapagtatag ng Tzu Chi na si Master Cheng Yen.

"Ngayong nakita namin ang kanilang kondisyon sa buhay, nabuksan ang aming isipan sa kanilang kahirapan at higit pa naming naisip na kailangan naming sumali pa sa mga gawaing gaya nito upang matulungan ang marami pang nangangailangan," sabi ni Marjorie.

Parehong aktibong Tzu Chi volunteer ang mga magulang ni Marjorie. Samantalang sumali naman si Kristine sa misyon sa imbistasyon ni Marjorie.

Kahit pa kailangan niyang magtrabaho mula alas-diyes ng gabi hanggang alas-6 ng umaga bilang medical technologist, hindi lumiban sa pagbo-boluntir si Kristine sa loob ng tatlong araw na misyon. Matapos ang kaniyang trabaho ay didiretso na siya sa Davao Chong Hua High School, isa sa mga lugar na pinagdausan ng proyekto, at magpapahinga na lamang ng kaunting oras matapos ang aktibidad bago muling pumasok sa trabaho.

Para sa kanya, ang maliit na sakripisyo ay hindi mahalaga lalo na kung ang kapalit nito ay makita kung paano mabago ang buhay ng napakaraming tao dahil sa pagtutulungan.

"Napakasaya ko dahil nakita natin ang iba't ibang tao mula sa Chinese, Filipino, hanggang mga Muslim na nagsama-sama. Napaka-espesyal talaga dahil hindi natin pinili kung sino ang tutulungan at kung sino ang tutulong. Sa halip, nagsama-sama tayo upang maglingkod," pagwawakas niya.

Dakilang pagmamahal para sa mga Maralitang Kapatid

Makikiisa sa aming pagsisikap na matulungan ang ating mga kapatid na nangangailangan sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang iyong kabutihang-loob ay makapagbabago sa buhay ng libo-libo nating kababayan, makapagbigay ng inspirasyon sa ibang tao, at makapagpapanumbalik ng normal na pamumuhay ng mga naaapektuhang pamayanan.

• Bukas-palad naming tinatanggap ang inyong donasyon na ilalaan sa mga misyon ng samahan. Makipag-ugnayan lamang sa 732-0001 local 211 o 223 o bumisita sa aming website sa **www.tzuchi.org.ph**

• Maaaring ideposito ang inyong mga donasyon sa **METROBANK, Del Monte Branch.** Account Name: Tzu Chi Foundation, Philippines. Account Number: 163-3-16307190-9

Mangyaring ipadala ang inyong deposit slip at tumawag sa tanggapan ng Tzu Chi. Ang bawat donasyon ay pagkakalooban ng resibo. Fax Number: 732-0001 local 213.

Like and Subscribe

to get more updates

tzuchi.org.ph TzuChiPH TzuChiPH